

# Ano ang POLST? *Tagalog*

## Provider Orders for Life-Sustaining Treatment

## Isang Gabay ng Konsyumer sa POLST

### M inamantine ng Kōkua Mau para sa Hawai'i



**Kōkua Mau**

“Nagpapatuloy na Pangangalaga”

A Movement to Improve Care

- **POLST = Provider Orders for Life-Sustaining Treatment**, ay ang inyong mga kagustuhan na ipinatutupad sa pamamagitan ng:
  - Inyong mga medikal na bilin, kinumpleto ng isang doktor, Advanced Practice Registered Nurse (APRN) o Physician Assistant (PA) para sa pangangalaga ngayon mismo.
  - Ay sinusunod ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang Emergency Medical Services, tulad ng Paramedics.
- Gagamitin ninyo ang POLST kapag mayroon kayong seryosong kondisyon ng kalusugan.
- Makakatulong sa inyo ang mga social worker, nurse at iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan upang sagutan ang inyong form ng POLST, ngunit KAILANGAN itong lagdaan ng inyong doktor, APRN o PA upang maging balido.
- Ang POLST ay naglalaman ng mga medikal na bilin na nagsasabi kung anong medikal na pangangalaga ang gusto ninyo o hindi ninyo gusto kung malagay kayo sa kondisyon na hindi kayo makapagdesisyon mismo.
- Ang form ng POLST ay KAILANGANG basahin at lagdaan ng inyong doktor, APRN, o PA, na nakalisensiya sa Estado ng Hawai'i (o pinahihintulatang mag-practice kung siya ay nasa Military o VA).
- Kinakailangan din ng POLST ng lagda ninyo o ng inyong Legal na Awtorisadong Kinatawan (tingnan ang pahina 2 para sa kahulugan.)

**HAWAII PERMITS DISCLOSURE OF POLST TO OTHER HEALTH CARE PROFESSIONALS AS NECESSARY**

**PROVIDER ORDERS FOR LIFE-SUSTAINING TREATMENT (POLST) - HAWAII**

PLEASE follow these orders. THEN contact the patient's provider. This Provider Order form is based on the patient's current medical condition and wishes. Any section not completed implies full treatment for that section. Everyone shall be treated with dignity, and POLST is a medical order. It is not an Advance Directive and it does not override any existing third documents.

Section A: **CARDIOPULMONARY RESUSCITATION (CPR):** *\*\* Person has no pulse and is not breathing \*\**  
 Yes CPR - Attempt resuscitation (Section B and C) (Treatment required)  
 No CPR - Do Not Attempt Resuscitation - Allow Natural Death  
If patient has a pulse, follow orders in Sections B and C

Section B: **MEDICAL INTERVENTIONS:** *\*\* Person has pulse and/or is breathing \*\**  
 Full Treatment - primary goal of prolonging life by all medically effective means. In addition to treatment of medical conditions, mechanical ventilation, and cardiopulmonary resuscitation, includes intensive care as indicated.  
 Selective Treatment - goal of treating medical conditions and restoring function while avoiding intensive care and resuscitation. In addition to treatment of medical conditions, includes intensive care as indicated.  
 Comfort-Focused Treatment - primary goal of maximizing comfort. Allows pain and suffering with respect to life-sustaining and organ, respiratory, and medical treatment of acute conditions. The use of sedatives and/or full and selective treatment areas consistent with comfort goal. Request transfer to hospice if a comfort needs cannot be met in current location.

Section C: **ARTIFICIALLY ADMINISTERED NUTRITION:** *Always offer food and liquid by mouth if feasible and desired*  
 No artificial nutrition by tube  
 Artificial treatment of artificial nutrition by tube  
Artificial Order:

Section D: **SIGNATURES AND SUMMARY OF MEDICAL CONDITION** (discuss with:)  
 Patient or  Legally Authorized Representative (LAR). If LAR is checked, you must check one of the boxes below:  
 Guardian  Agent designated in Power of Attorney for Healthcare  Health Care Agent  
Signature of Patient or Legally Authorized Representative. My signature below indicates that these orders/medical interventions are consistent with my wishes or signed by LAR (the known wishes and/or in the best interests of the patient who is the subject of this form).  
Signature of Provider (Physician/APRN/PA licensed in the state of Hawaii). My signature below indicates to the best of my knowledge that these orders are consistent with the patient's medical condition and preferences.  
Provider Signature (print name) \_\_\_\_\_ Provider License # \_\_\_\_\_  
Signature of Health Care Provider \_\_\_\_\_ (print name) \_\_\_\_\_

SEND THIS 2-PAGE FORM WITH PERSON WHENEVER TRANSFERRED OR DISCHARGED. POLST pg 1 of 2

### Kailan ko kailangan ang form ng POLST?

- Inilaan ang form ng POLST para sa isang tao na may hindi gumagaling at nakapanghihinang karamdaman o nahaharap sa isang karamdamang nagbibigay ng tanging sa buhay, tulad ng karamdaman sa baga o puso na nasa huling yugto o isang nataningang kanser.
- Ang desisyong gumawa ng POLST ay dapat talakayin sa sariling tagapagbigay ng serbisyo ng bawat pasyente.

### Hinihingi ng form ng POLST ang impormasyon tungkol sa inyong mga kagustuhan para sa mga medikal na paggamot:

- Kung susubukan ang cardiopulmonary resuscitation o hindi (tingnan ang website para sa 'Mga tanong tungkol sa CPR'),
- Ang sidhi ng medikal na pangangalagang gusto ninyo,
- Kung gusto ninyong maospital at sa ilalim ng anong mga kondisyon, at
- Kung gusto ninyo ng artipisyal na nutrisyon sa pamamagitan ng tubo na pagdadaan ng pagkain (tingnan ang Kōkua Mau website para sa pulyeto na 'Tube Feeding')

## MGA MADALAS NA ITINATANONG (FAQ)

### Paano ako kukuha ng kopya ng form ng POLST?

Kayo o ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring mag-download ng form ng POLST at mga tagubilin para sa inyong doktor sa Kōkua Mau website: [kokuamau.org/polst](http://kokuamau.org/polst). Ang Kōkua Mau website ang sentrong pagkukuhanan ng impormasyon sa POLST sa Hawai'i. Karamihan ng ospital, mga nursing home, mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugang pantahanan at hospisyong pati na rin ang iba pa sa komunidad ay makapagbibigay din sa inyo ng form, at makapagbibigay ng ilang tulong upang maintindihan ninyo at masagutan ito. Pakitandaan na ang inyong form ng POLST ay kailangang lagdaan ng inyong doktor, Advanced Practice Registered Nurse (APRN), o PA upang maging balido. Ang dokumentong ito at mga babasahin sa mga iba pang lengguwahe, tulad ng Mga Advance Directive o POLST, ay makukuha mula sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, doktor, o kompanya ng insurance sa kalusugan o sa website ng Kōkua Mau sa [kokuamau.org/languages](http://kokuamau.org/languages).

### Iniaatas ba ng batas na gumawa ako ng POLST?

**Hindi.** Ang POLST ay boluntaryo at nandito na sa Hawai'i mula pa noong Hulyo 2009. Gayunpaman kung walang POLST, maaaring obligado ang Emergency Medical Services (EMS) o iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na tangkaing patibukin muli ang inyong puso at mapanumbalik ang inyong paghinga kung sakaling huminto ang mga ito, kahit pa hindi ninyo gustong magawa ang anumang hakbang para mapanumbalik ang malay ninyo, at mas gugustuhin ninyong pumanaw sa pamamagitan ng natural na pagkamatay.

### Saan itinatago ang form ng POLST?

Kung nakatira kayo sa bahay dapat ninyong itago ang orihinal na kulay lime green na form ng POLST sa isang lugar kung saan

madali itong makikita. Ang magandang lugar ay sa inyong refrigerator kung saan unang maghahanap ang mga tauhan ng EMS. Ang iba pang madaling makitang lugar ay ang likod ng pinto sa kuwarto, sa mesa sa tabi ng kama, o sa inyong medicine cabinet. Kung nakatira kayo sa isang long-term facility, maaaring itago ang inyong form ng POLST sa inyong medical chart kasama ang iba pang mga medikal na rekord. Ang kopya ng inyong form ng POLST na nasa puting papel ay legal.

## **Kailangan bang malagdaan ang form ng POLST?**

**Oo.** Ang inyong doktor, APRN, o PA ay kailangang lumagda sa form upang ito ay maging “Provider Order” na naiintindihan at sinusunod ng mga iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga tauhan ng EMS. Kailangan din ng form ang lagda ng tao na siyang gagamit ng form o ng kanilang Power of Attorney for Healthcare o Legal na Awtorisadong Kinatawan.

## **Ano ang Legal na Awtorisadong Kinatawan (Legally Authorized Representative - LAR)?**

Ito ay isang tao na makakagawa ng mga desisyon para sa pasyente kapag hindi kaya ng pasyente na magdesisyon para sa kanyang sarili. Ang LAR ay maaaring 1) isang ahenteng itatalaga ng pasyente sa pamamagitan ng isang Power of Attorney for Healthcare, 2) isang tagapag-alaga, 3) isang kahalili na itinalaga ng pasyente sa panahong nakakaya pa ng pasyente na gawin ang desisyong iyon, o 4) isang kahalili na itinalaga ng nagkakaisang pahintulot ng mga interesadong tao. Kung hindi kaya ng pasyente na gawin ang kanilang sariling mga desisyon, ipapasya ng pangunahing doktor ng pasyente na ganito nga ang kaso. Matapos niyan, gagawin ang mga pagsisikap upang hanapin ang lahat ng tao na nagpakita ng espesyal na pangangalaga at pagmamalasakit para sa pasyente at pamilyar sa mga kagustuhan ng pasyente. Ang ilan sa mga taong ito ay maaaring kabilangan ng asawa na hindi hiwalay o lumayo, mga magulang, at mga anak, ngunit ang mga interesadong tao ay hindi nangangahulugang nauugnay sa pamamagitan ng dugo o pag-aasawa. Ang grupong ito ng mga tao ay pipili ng isang kahalili na tagagawa ng desisyon ayon sa nagkakaisang pahintulot. Ito ay alinsunod sa HRS 327E-5.

## **Anong mga desisyon ang maaaring gawin ng isang Legal na Awtorisadong Kinatawan?**

Maaaring gawin ng isang Legal na Awtorisadong Kinatawan ang lahat ng desisyong gagawin sana ng pasyente para sa kanyang sarili nang may isang eksepsyon hinggil sa kahalili na tagagawa ng desisyon na itinalaga ng nagkakaisang pahintulot. May mga umiiral na limitasyon sa kahalili na itinalaga ng nagkakaisang pahintulot alinsunod sa HRS 327E-5 tungkol sa mga desisyon na hindi pagbibigay o paghinto ng artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig. Maaari lamang gumawa ang kahalili na itinalaga ng nagkakaisang pahintulot ng desisyon na hindi ibigay o ihinto ang artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig kung patutunayan ng dalawang magkahiwalay na doktor sa mga medikal na rekord ng pasyente na ang artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig ay magpapahaba lamang sa proseso ng pagkamatay at hindi malamang na tutugon ang sistema ng nerbiyo ng pasyente sa hinaharap.

## **Kung mayroon akong form ng POLST kailangan ko pa rin ba ng Advance Health Care Directive (AHCD)?**

Mariing inirerekomenda na gumawa rin kayo ng Advance Health Care Directive, ngunit hindi ito sapilitan. Ang advance health care directive ang pinakamabuting paraan upang: a) ipagbigay-alam ang inyong mga gustong paggamot, at b) magtalaga ng ahente na kikilos bilang inyong health care power of attorney kung malagay kayo sa kondisyon na hindi kayo makapagsalita para sa inyong sarili. Ang form ng POLST ay hindi ang tamang paraan upang itatalaga ang inyong ahente para sa AHCD, dahil ang POLST ay isang medikal na bilin. Maaari kayong makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga advance directive mula sa inyong tagapagbigay ng serbisyo o mula sa [kokuamau.org/resources/advance-directives](http://kokuamau.org/resources/advance-directives) website. Ang kombinasyon ng POLST at AHCD ay nagbibigay sa inyo ng pinakamabuting pagkakataon upang masunod ang inyong mga kagustuhan kung sakaling hindi ninyo makayang magsalita para sa inyong sarili.

## **Paano kung hindi ko na kayang ipagbigay-alam ang aking mga kagustuhan at wala akong POLST?**

Sa pamamagitan ng isang ACHD, dapat kayong magtalaga ng isang health care power of attorney na magsasalita para sa inyo kung sakaling hindi ninyo makayang magsalita para sa inyong sarili. Maaaring gawin ng inyong doktor, APRN o PA ang form ng POLST kasama ang inyong Power of Attorney for Healthcare o Legal na Awtorisadong Kinatawan batay sa kanilang pagkakaintindi sa inyong mga kagustuhan.

## **Sa anong sitwasyon ginagamit ang form ng POLST?**

Ang nakumpleto at nalagdaang form ng POLST ay isang medikal na bilin na mananatili sa inyo kapag ibibiyahen kayo sa pagitan ng mga sitwasyon ng pangangalaga, kayo man ay nasa ospital, sa bahay o sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Ang form ng POLST ay dinisenyo upang gamitin para ipagbigay-alam ang inyong mga medikal na bilin sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kabilang ang paramedics na darating matapos matawagan ang 9-1-1.

## **Bakit kulay lime green ang Form ng POLST?**

Ang form na kulay lime green ay may maliwanag na kulay upang madali itong mahanap kapag kailangan at dahil malinaw ang kopya nito sa puting papel. Ang puting kopya, na nakumpleto nang tama, at nilagdaan ng isang doktor, APRN o PA ay legal at balido rin. Susundin ito ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kabilang ang mga tauhan ng EMS.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa POLST at upang i-download ang PDF file ng opisyal na form ng POLST (para sa mga tagapagbigay ng serbisyo) mangyaring pumunta sa: [www.kokuamau.org/polst](http://www.kokuamau.org/polst)

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kōkua Mau sa [info@kokuamau.org](mailto:info@kokuamau.org) o 808-585-9977 (ingles lamang).

Kōkua Mau [kokuamau.org](http://kokuamau.org)  
P.O. Box 62155  
Honolulu HI 96839

